


“Pagpalitada at panghuling gawain sa loob ng konstruksiyon”

Ang mga importanteng payo para sa kaligtasan at kalusugan

Mga pag-iingat kapag nagtatrabaho sa mga makina, kagamitan, atbp.


(1) Mga lisensiya sa paggamit ng mga mobile crane



- Ang mobile crane ay mapapatakbo lamang ng isang kwalipikadong tao!
- Kapag nagtatrabaho gamit ang mga mobile crane, tiyaking ang mga operator ay kwalipikado ayon sa pagbubuhat ng mga kargamento ng crane.

| | Lisensiya | Pagsasanay sa kasanayan na kurso | Natatanging edukasyon |
|--|-----------|----------------------------------|-----------------------|
| Ang operasyon ng mga mobile crane sa pagbubuhat ng mga kargamento ay 5 tonelada o higit pa | ○ | | |
| Ang operasyon ng mga mobile crane sa pagbubuhat ng mga kargamento ay 1 tonelada o higit pa, o mas mababa sa 5 tonelada | ○ | ○ | |
| Ang operasyon ng mga mobile crane sa pagbubuhat ng mga kargamento ay mas mababa sa 1 tonelada | ○ | ○ | ○ |


(2) Huwag kailaman pumunta sa ilalim ng nakabitin na kargamento sa pagtrabaho sa crane!



Mga bagay na susundan

1. Kung ang materyal ay dadaan sa itaas, huminto sa pagtatrabaho at suriin ang posisyon ng mga materyales.
2. Tiyaking palayuin ang mga tao sa ilalim ng kargamento sa pamamagitan ng pagsigaw, pito, sirena, atbp.
3. Mag-set up ng mga bawal na lugar, at ganap na pagbawalan ang mga taong pumunta sa ilalim ng kargamento.


(3) Ang mga pag-sling na trabaho ay isasagawa ng kwalipikadong tao



Mga bagay na susundan

1. Ayon sa prinsipyo, ang pag-sling na trabaho ay isinasagawa ng taong nakakumpleto ng pagsasanay sa kasanayan na kurso para sa operasyon ng pag-sling.
2. Tiyaking magdala ng lisensiya ng kwalipikasyon (sertipikasyon) sa panahon ng mga pag-sling na trabaho.


(4) Pagbawal ng paggamit ng naturang kableng lubid (wire rope)



■ Ipinagbabawal ang mga sumusunod na kableng lubid.

1. Halatang-halatang napitpit na mga lubid.
2. Ang diyametro ay lumiit ng higit sa 7% ng dating diyametro.
3. Iyong may tupi o baluktot
4. 10% o higit pa ng mga hibla ay nababali sa isang pagpilipit.
5. Ang lubid na maluwag ang eye splice braid.
6. May pinsalang kableng lubid sa base ng steel ferrule.


(5) Mga pag-iingat kapag gumagamit ng sasakyang may pang-angat sa trabahador (aerial work vehicle)



Mga bagay na susundan

1. Suriin ang mga hakbang sa sahig, at ibaba ang work platform sa pinakamababang posisyon kapag nabibiyaha.
2. Gumamit ng personal na sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog (harness na pang-iwas ng pagkakahulog).


(6) Huwag magtrabaho sa alanging posisyon kapag gumagamit ng sasakyang may pang-angat sa trabahador!



Mga bagay na susundan

1. Huwag magtrabaho sa alanging posisyon kapag gumagamit ng sasakyang may pang-angat sa trabahador.
2. Maingat na tiyakin ang posisyon control lever at pag-ingatang hindi ito magagalaw sa habang nagtatrabaho.

(7) Ang pagsubok na pagpapagana ng grinder at ang natatanging edukasyon



Mga bagay na susundan

1. Ang pagpalit ng grinder disc at pagsubok na paganahin sa oras ng pagpapalit ay isinasagawa ang taong nakatanggap ng natatanging edukasyon sa kaligtasan at kalusugan.
2. Tiyaking magsagawa ng pagsubok na pagpapagana ng grinder.
 - i Isang minuto o higit pa bago simulan ang trabaho.
 - ii Tatlong minuto o higit pa kapag pinalitan ang grinding disc.
3. Tiyaking ang “maximum allowable speed” at “dimensions” na lumilitaw sa grindstone ay tumutugma sa makina.
4. Ang mga pantrabahong guwantes na gawa sa cotton ay ipinagbabawal.

(8) Gumamit ng pamprotektang kasuotan kapag gumagamit ng disc grinder!



Mga bagay na susundan

1. Gumamit ng mga pamprotekta ng mata.
2. Para sa maalikabok na mga trabaho, gumamit ng dust mask.
3. Gumamit ng mga aparatong pamprotekta ng tainga tulad ng mga earplug kapag nagtatrabaho sa maingay na kapaligiran.